Ang Charities Listings at ibang online tools

Bisitahin ang **www.cra.gc.ca/charitylists** upang maghanap ng Charities Listings. Makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa lahat ng rehistradong kawanggawa, kabilang ang:

- mga nagpapalakad sa iyong komunidad;
- mga petsa ng rehistrasyon;
- kabayaran;
- mga programa at mga aktibidad; at
- gastos sa paglilikom ng pondo o "fundraising" at administrasyon.

Bisitahin ang *Pagbibigay sa Kawanggawa: Impormasyon sa mga "donor" o tagapagbigay (Giving to charity: Information for donors*) Web pages sa **www.cra.gc.ca/donors** para sa kagamitan kung paano magbigay nang tamang donation, kabilang ang:

- isang "charitable donation tax credit **calculator**" (Charitable donation tax credit calculator)
- isang "**video** series" na tinatawag na *Ang pagbibigay sa mga rehistradong kawanggawa 101 (Giving to registered charities 101*); at
- **mga katanungan at mga palatandaang dapat pag-ingatan** na makakatulong sa iyo upang malaman kung may pandaraya.

Kontakin ang CRA

Online
www.cra.gc.ca/donors

Sa Telepono
1-800-267-2384

Sa Koreo
Charities Directorate
Canada Revenue Agency
Ottawa ON K1A 0L5

Ang aking mga paboritong rehistradong kawanggawa

- Pangalan: _____
  Numero ng Rehistrasyon: _____
  Petsa ng donasyon: _____
  Halaga ng donasyon:_____
- Pangalan: _____
  Numero ng Rehistrasyon: _____
  Petsa ng donasyon: _____
  Halaga ng donasyon:_____
- Pangalan: _____
  Numero ng Rehistrasyon: _____
  Petsa ng donasyon: _____
  Halaga ng donasyon:_____

Ang tamang paraan sa pagbibigay ng donasyon

Ang Canada Revenue Agency at ang mga rehistradong kawanggawa

RC4407-TAG Rev. 11

Canada Revenue Agency | Agence du revenu du Canada

Canada

Ang CRA at mga rehistradong kawanggawa

Alam mo ba na may higit sa 85,000 rehistradong kawanggawa sa Canada?

Ginagawa ng Canada Revenue Agency (CRA) ang mga sumusunod:

- sinusuri ang mga aplikasyon upang marehistro;
- tinitiyak kung ang mga layunin at mga aktibidad ng organisasyon ay pangkawanggawa at nagbibigay ng benepisyo sa publiko;
- nagtitipon ng impormasyon tungkol sa mga aktibidad at mga pananalapi ng lahat ng mga rehistradong kawanggawa na magamit ang impormasyong ito ng lahat ng mga Canadian; at
- nagsasagawa ng mga pagsusuri upang siguraduhin na ang mga rehistradong kawanggawa ay patuloy na pinapalakad ayon sa pangkawanggawang layunin at ang kanilang yaman at pananalapi ay inuukol lamang para sa mga pangkawanggawang aktibidad.

Kapag nairehistro na ang isang kawanggawa, ito'y

- magkakaroon ng isang numero ng rehistrasyon;
- makakapagbigay ng mga opisyal na resibo sa donasyon na maaring magamit sa pagbubuwis;
- hindi kailangang magbayad ng buwis; at
- dapat mag-sumite ng isang *Registered Charity Information Return sa* bawat taon.

Kaalaman sa pagbubuwis

- Ang mga kawanggawa o iba pang kwalipikadong tumatanggap ng donasyon na rehistrado sa Canada ang maaari lamang magbigay ng mga opisyal na resibo para sa donasyon na kwalipikado para sa "charitable tax credits" o bawas sa buwis.
- Alamin kung ang isang organisasyon ay rehistradong kawanggawa at hanapin ito sa listahan ng CRA Charities Listings, sa **www.cra.gc.ca/charitylists** o tumawag sa **1-800-267-2384**.
- Dapat makatanggap ka ng resibo para sa iyong donasyon na nagpapahayag na ito'y isang opisyal na resibo na maaring magamit na pambawas sa ibabayad na buwis.
- Ang mga kontribusyon na serbisyo (tulad nang inukol na panahon,katangian, at pagsisikap) ay hindi kwalipikado para mabigyan ng opisyal na resibo ng donasyon.
- Ang mga kabuuang kwalipikadong halaga na higit sa $200 ay maaring magamit para sa mas mataas na "tax credit" o pambawas sa buwis, at maaari pa ring magamit o mapakinabangan ang mga hindi pa nagamit na resibo nang hanggang sa susunod na limang taon mula sa taong ginawa ito. Samakatuwid, pinahihintulutan ka nitong magamit nang husto ang iyong pangkawanggawang "tax credits" sa pamamagitan nang pagsama-sama sa mga donasyon na ginawa sa mga nakalipas na taon. Maaari mo ring pagsama-samahin ang iyong mga resibo sa mga resibo ng iyong asawa o kapareha.
- Isumite ang "claims" lamang para sa mga donasyon na ginawa bago o hanggang Disyembre 31 ng taon nang iyong pagbubuwis.

Iwasan ang pandaraya

- Siguraduhing alam mo kung kanino mo ibinibigay ang donasyon. Kung minsan, ang mga huwad na organisasyon ay gumagamit ng mga pangalan na katulad ng mga kilalá at ginagalang na rehistradong kawanggawa. Alamin mabuti ang kawanggawa bago ka magbigay ng donasyon.
- Mag-ingat sa mga pakana o "scheme" na nangangako nang mas mataas na kapalit o benepisyo sa buwis (tax savings) na higit sa iyong ginastos, at samakatuwid ay nagbibigay sa iyo nang pagkakataong "kumita" mula sa pagbigay sa isang rehistradong kawanggawa.
- Magsulat ng mga tseke na nakapangalan sa mga rehistradong kawanggawa, hindi sa mga indibidwal, at siguraduhing ligtas ang iyong mga pagbabayad sa "online."
- Huwag magbigay ng donasyon kung may 'di-wastong pagpipilit na magbigay kaagad, o kung ikaw ay inaalok na bigyan ng isang resibo na ang halaga ay higit sa iyong donasyon, o kung may ibang mga palatandaan ng pandaraya.
- Ipaalam o isumbong ang pandaraya sa *Canadian Anti-Fraud Centre* , sa pamamagitan nang pagtawag sa **1-888-495-8501**.